

**PAGGALUGAD SA ISINAHOL AT PAGBAWI NG DANGAL:
ANG PAGLALAKBAY NG PERSONANG ‘AKO’ NI BAYANI S.
ABADILLA SA *SIGLIWA KAMAO* AYON SA ‘AKO’
NI ALEJANDRO G. ABADILLA**

ROBERTO OFANDA UMIL

ABSTRAK

Kaakibat ng advokasi para sa pagbabago ang henera realismong panlipunan sa disiplina ng malikhaing pagsusulat, litaw ito maging sa *Sigliwa Kamao* (SK), antolohiya ng panulaan ni Bayani S. Abadilla, may poetikang ‘Wisyo ng masang Pinoy,’ ‘diwang anakpawis o proletaryo.’ Inilalantad ng panulat ni Bayani, nakasanayan tawaging ‘Ka Bay’ ng mga kaibigan, ang batayang suliranin sa kaayusang panlipunang nagsasalaylayan sa malawak na produktibong hanay ng mamamayan: magsasaka, manggagawa; karaniwang profesional, negosyante. Tulad ng tradisyong ginagad ng GAT o Galian sa Arte at Tula (post-Rio Alma 1993 mula 1989), GAT (1986 mula 1973),¹ mga manunulat sa Wikang Pilipino/Tagalog pagkatapos, habang may Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pabalik sa unang hati ng ika-20 dantaon, na inilalatag ng Mapaghimagsik (Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, et al), at Propagandista (Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, et al). Gamit ang dalumat ng unang panauhan na personang panghalip na ako (umuugat sa Asyanong tradisyon) ni Alejandro G. Abadilla (AGA), bayani ni Zeus Salazar, at pagsusuring diskursong kritikal, ihaharap dito ang poesiya ng SK na naglalahad sa kontekstong hinantungan ng malawak na mamamayang tinulaan. Gayon din, ang personang ‘ako,’ at poetika ng autor na gumalugad sa pag-akdang bayan upang suunin ang responsabilidad na mag-ambag sa ikalulubos ng dangal para sa soberanya ng bansa. Hangarin ng pag-aaral na maisalarawan ang mga katangiang taglay, at kinakatawan ng personang ‘ako’ ni Ka Bay bilang isa sa tagapagpadaloy ng naratibo ng pagbabago sa unang dalawang dekada ng ika-21 dantaon. Bagaman hindi pahambing ang pag-aaral na ito, lumilitaw na ang personang ‘ako’ ni Ka Bay ay may ibang pamantayan sa ako ni AGA.

Mga susing salita: Bayani S. Abadilla, *Sigliwa Kamao*, “ako”/ako, AGA, *Wisyo ng Masang Pinoy*

Introduksiyon

Naglalahad ang *Sigliwa Kamao* o SK (2006) ng pagsahol ng isinalaylayang buhay ng malawak na produktivong hanay ng mamamayan: magsasaka, manggagawa; guro, OFW; negosyante at iba pa. Kaakibat nito ang paglalantad ni Ka Bay sa batayang suliranin ng kaayusang panlipunang naglunsad ng labis na pakinabang favor sa elite at kasalukuyang nakapananaig na uring panlipunan. Tulad ng tradisyon sa panulat na ginagad ng Galian sa Arte at Tula o GAT (post-Rio Alma 1993 mula 1989), GAT (1986 mula 1973),¹ mga manunulat sa Wikang Pilipino/Tagalog pagkatapos, habang may Ikalawang Digmaang pandaigdig, pabalik sa unang hati ng ika-20 dantaon, na inilatatag ng Mapaghimagsik (Andres Bonifacio, et al), at Propagandista (Jose Rizal, et al), idinudulog ni Ka Bay sa kaalamang publiko at kinauukulan ang sadlak ng kasalukuyang hinantungan ng katayuan sa buhay ng malawak na masa ng lipunang Pilipino. Kaya naman, kahalagahan ng aklat niyang ito ang kinalabasan ng aplikasyon ng malikhaing paraan, bilang pagpapalawig ng mga sistema ng kaisipang itinatas sa “Epistemolohiya sa Karunungan Filipino” at “Wisyo ng Konseptong Filipinolohiya,” dalawang kritikal na akda ni Ka Bay na sinuri ni Maria Victoria Rio-Apigo (2020).² Magiging salalayan ang pag-aaral ni Maria Victoria Rio-Apigo sa pagbanggit ng kaisipan ni Ka Bay upang iugnay ang mga ito sa kanyang panulaan.

Sa panimulang salita ni Rogelio L. Ordoñez, naglatag siya ng mga observasyon sa pagmamakata ni Ka Bay. Walang alinlangan, aniyang, ginanap ng kaibigan, at kapwa niya autor, ang dalawang tungkuling higit sa sariling kapakanan: ang pagiging ‘tagapagsalarawan ng buhay’ at ‘pinakamatindi ring kritiko nito’ (Abadilla vii). Isinagawa ang paggalugad sa kalagayan ng karaniwang mga uring panlipunang inspirasyon ng kanyang malikhaing komentaryo, sa pamamagitan ng instalasyon ng elementong personifikasyon, hulagway ng ‘pingkian ng dilim at liwanag’ na pinagdaanan-pinagdadaanan, o kasaysayan ng lipunang Pilipino, naipakita ang paglahok sa kilusang may hangaring bawiin ang dangal ng sambayanan. Habang may tinatamasa ang kasalukuyan, at upang danasin pa ng sunod na salinlahi ang ‘timyas ng bukangliwayway’. Itinatanghal ni Ka Bay ang mapagkumbabang katangian ng persona niyang ‘ko’ sa patulang pambungad ng SK (ix, xi), may pamagat na “Paunawa”:

Dugo at luha ang mga kataga
 na sumisikdo sa mga diwa,
 hininga ng lupa kaipala,
 mula sa patrimonya ng bansa.
 Sinisinop ko (Ka Bay)
 sa retorika at haraya
 yaong pingkian ng dilim at liwanag.
 Wisyo ng masang Pinoy
 na lumilikha sa kasaysayan
 ang batis ng mga awit.
 (Bawat hakbang ng mga oras
 sa katalagahan at panahunan
 kalayaan ang mensahe ng kamatayan
 sa bandila ng bayan.)
 Sana, sana napulsuhan (ko)
 sa mga linya o estropa
 yaong lukso ng dugo
 na bugso ng pagbabago
 sa pita ng sambayanang
 nakikibaka upang madama
 ang timyas ng bukangliwayway.
 Kung may mga kamalian
 sa paglalalahad ng katotohanan:
 Paumanhin po mambabasang iginagalang. (xi)

Bilang metapora ng partikular na pananaw sa daigdig, hirayahan ng kapangyarihan ng produktivong puwersang pangkasaysayan, angkin ng persona ang ‘Wisyo ng masang Pinoy,’ ‘diwang anakpawis o proletaryo’ (ix). Idinudugtong ng makata ang ‘awit’ ng ‘mga layak ng lipunan’ sa kundiman ng Katipunan, ‘pulang pasyon’ ng mga magsasaka, at himnong “Internationale” ng proletaryo ng sandaigdigan (Ordoñez vii). Ipinadarama rin ni Ka Bay sa nakapanaklong na ikaapat na saknong, ang pagtaya ng individual na kamalayan ng makata, sa tagpuang pampanahunan ng bawat tulang nakapaloob sa SK naroon din ang tipanan ng persona at republikang himlayan ng katawang sangkot sa pagtindig ng ‘bandila ng bayan,’ isang malikhaing pahiwatig ng panlipunang transformasyon. Sa pagbatid at analisa pa ni Ordoñez, enerhiya ng poetika ni Ka Bay ang bisà ng ‘estetikang Marxista.’

Mabungang danas, kung gayon, sa pagbasa sa aklat na ito ni Ka Bay ang sagupa sa mga tanong kung: ano-ano ang batayang katangian ng ‘Wisyo ng masang Pinoy,’ ‘diwang anakpawis o proletaryo?’ Paano hinubog ng prosesong historikal ang mga pangngalang pantangi na Bayani bilang autor, naturang dalumat, at

unang panauhang panghalip na persona niyang 'ako' sa antolohiya? Ano ang katutubong kamalayang pinag-uugatan ng 'Wisyo ng masang Pinoy' at personang 'ako'?

Ayon sa artikulong "Isabelo de los Reyes", matatagpuan sa internet sa URL (Uniform Resource Locators) na may detalyeng tumutukoy sa legasiya ng mga senador at dating senador ng Pilipinas, si de los Reyes, kilala ring Don Belong, ang siyang unang responsable sa bunsod ng estetikang Marxista sa bansa. Pagpapalawig pa ng gov.ph website, tungkol sa unang ganap ng Marxismo, Sosyalismo, Anarkismo at iba pang progresibong kaisipan sa Pilipinas:

On July 1, 1901, the Spanish Government permitted Don Belong to return to the Philippines. He brought many books with him, among which were those written by Karl Marx, Friedrich Engels, Victor Hugo, Pierre Joseph Proudhon, Mikhail Bakunin, and other socialists of Europe. These books inspired him to introduce socialism into his own country. Shortly after his arrival in Manila, he contacted the labor elements, urging them to unite and protect themselves from the avaricious capitalists. He explained to them the benefits the! (sic) would derive by means of collective bargaining. On February 2, 1902. he" founded (sic) the first labor union in the Philippines, called the Union Obrera Democratica Filipina (Philippine Democratic labor Union). (gov.ph)

Dagdag sa talâ ni Teresita G. Maceda (1996), si Malatesta, Italyanong anarkista at sosyalista, bilang isa sa mga autor ng aklat na dala ni de los Reyes (22). Walang estetikang Marxista sa panahon ni Ka Bay kung walang inuwing Marxismo, sa anyo ng mga aklat, si Don Belong. Katatapos lamang pagdusahan noon ng huli ang kanyang peryodismong mabatikos sa asyenda at malalawak na lupain ng mga relihiyosong orden. Dahilan ito ng pagpaaresto sa kanya ng mga frayle noong Enero, 1897. Paksa ng pamamahayag ni Don Belong ang reforma sa lupa upang maisauli sana ang pakinabang sa mga magsasakang naitaboy pawalay sa bukirin. Ikinulong sa Piitang Bilibid at dumanas ng tortyur. Idinistiyero sa Spain nang magpalit ng administrador ang kolonyal na gobyerno ng Maynila noong Abril 25, 1897 (sic) pagpuwesto ni Heneral Fernando Primo de Rivera bilang kahalili ni Heneral-Gobernador Camilo de Polavieja, nag-utos sa pagpatay sa maraming makabayan kabilang si Dr. Jose Rizal (gov.ph).

Subalit bagaman nagtutugma ang mga talâ ng gov.ph, at ni Maceda, sa ruta ng Marxismo papasok sa Pilipinas, walang logo ni kahit anong etiketa ang lakip sa artikulo ng gov.ph. Tanging texto lamang. Gayon man, kitâ ang napakaliit na selyo sa tab, hindi mabasa ang nakasulat. Ngunit kapag itinapat dito ang cursor, lumilitaw ang ‘senators profile – Isabelo de los Reyes legacy.senate.gov.ph’. Una ito sa hanay mula taas ng interface nang i-search sa Google. Sinusundan ng Wikipedia at artikulo ng National Historical Commission. Ngunit, iba ang talâ ng NHC sa datos ng petsa ng pagkakulong ni Don Belong – Pebrero 13, 1897. Walang talâ ng mga dala niyang aklat ng Marxismo. Parehong binabanggit ng dalawang site ang kanyang pagiging lider-manggagawa at tapagtatag ng UOD (Union Obrera Democratica Filipina). Subalit tila ipinahihiwatig ang pagpapalabò sa kinalaman ni Don Belong sa Marxismo.

Alinman sa mga talâ ng lehislatibo at komisyon, may namuong tangkâ na tilâ pagmumungkahing bulaan ang historikong gampaninni Don Belong sa pagpasok ng Marxismo sa Pilipinas. Inililiko ng online plataforma ng dalawang burukrasya ang mga ahensiya nila palihis-sa-sulong-ng-kasaysayan-pabalik sa pakolonyang higop ng Katoliko Kristiyanismong binakbak ng *Florante at Laura* ni Balagtas, *Noli at El Fili* ni Rizal, mapanudyong *Dasalan at Tocsohan* ni Marcelo H. del Pilar. Ipinagpatuloy ng mga manunulat sa ilalim ng samahang Aklatang Bayan (1901-1916) laban sa Amerikanisasyon (San Juan, Jr. 2). Ilan sa mga ito si Lope K. Santos, umakda ng *Banaag at Sikat* (1906), nobelang nagpasimula ng diskursong sosyalismo. Gayon din ang *Pinaglahuan* (1907) nobela ni Faustino Aguilar (Maceda 24). Ang mga makata naman sa Ilaw at Panitik (1916-1935) tulad ni Jose Corazon de Jesus, nagsulong ng diwang ‘nasyonalistikong demokrasya’ (San Juan, Jr. 11). Habang nagpatuloy ang inspirado ng *Bagong Cristo*, dula ni Aurelio Tolentino, na sosyalistang pananaw sa *Pasion Ding Talapagobra* (1936) ni Lino Lopez (sic) Dizon (Maceda 423-530).

Upang mabasa nang malapitan itong SK ni Ka Bay, na dumugtong sa hanay ng mga narativong nagsusulong ng sosyalista at ‘nasyonalistikong demokrasya’ sa pamamagitan ng ‘Wisyo ng masang Pinoy,’ nais munang bigyan kahulugan ang ilang termino. Isa sa mga ito ang personang unang panauhan panghalip na ‘ako’ mula sa dinalaw muli na tulang “Ako ang Daigdig” ni AGA. May apat na bahagi ang tulang ito. Pinadadaloy ng persona ang narativo. Binubuo ng apat na saknong ang unang bahagi. Ipinapahayag ng persona sa unang saknong ng unang bahagi ang pawangis na pag-akò

na siya ang 'daigdig,' bilang anyong pisikal at materyal. Sa ikalawang saknong, inaakò rin ng persona ang 'tula' bilang anyo ngunit may pandalawahang katangian: una, ang tula bilang 'imprentang binabasa,' at 'binibigkas'; ikalawa, ang tula bilang 'katuturan,' o ibig sabihin, kabuluhan. Pinatitingkad ng ikatlo at ikaapat na saknong ng unang bahagi ang persona, sa pamamagitan ng paglahad ng taglay na mga katangiang 'walang maliw' at 'walang kamatayan'. Habang inuulit ang mga pisikal at materyal na anyo ng persona sa sumunod na tatlong bahagi, nahayag din ang dagdag pang katangian. Sa ikalawang saknong ng ikalawang bahagi: 'malaya,' 'matapat sa sarili'; sa panlimang saknong ng ikatlong bahagi: 'damdaming malaya,' 'larawang buhay,' 'buhay na walang hanggan,' 'damdamin,' 'larawan,' 'buhay,' 'tula' (katuturan).

Sa pagpupugay ng *Unitas*, tomo 80, bilang 3, Setyembre 2007, kulang-kulang labinlimang taon na ang nakalipas, pinanatili ng ilang iskolar ang sari-saring etiketang iminarka ng mga kritiko kay AGA noong ika-20 dantaon: 'Tiwalag' ngunit nagbalik bandang 1925 galing U. S. A. saka humingi ng tawad sa ama pagkatapos maglayas mula Cavite nang pagalitan noong 1922. 'Individwalista' subalit naghanapbuhay bilang peryodista, bukod sa tagabenta ng seguro (insurance), katuwang sa pag-organisa ng samahan ng mga manunulat, naggerilya-intelligence din bilang paglilingkod sa bayan at dumanas ng tortyur habang bihag ng fasistang Hapones, nagresulta sa pagkapinsala ng kanyang pandinig. Sinasabing 'egoista,' gayon man, ipinangaral sa kanyang mga tula pamutawi sa mambabasang kababayan na gumising sa hipnotismo ng kolonyal na lipunan habang itinatanghal ang personang 'ako' na may kaugnayan kay Bathala. 'Sikat na di sikat' dahil sumalungat sa daloy ng panulaang kanlungan ng mambabasang takas sa patong-patong na trauma kultural.³ 'Rebelde' at 'mapangwasak sa komvensiyon ng tradisyon' sapagkat namuno sa pagsunog ng libro bilang protesta laban sa nakatatandang mga makata-manunulat na tanod ng kaisipang napaglipasan na't ikinahon pa sa tugma't sukat. Nagpahalaga rin sa mga birtud ng bugtong na may bisà ng talisik mula danas ng ilang salinlahi ng ninunong naghunos ng siyentifikong kaisipan mula ilanpung libong taon ng pakikipamuhay sa kalikasan.⁴ Isinapraktika ito ni AGA sa pamamagitan ng inovativong *Tanagabadilla*.

SakabilangmgapaghusgakayAGAatkanyangpaninindigan, may dalawang artikulo sa *Unitas* ang nagbahagi rin ng 'bagong' sipat sa modernistang makata. Taglay ng isa rito ang paliwanag ni Coroza

na may pagtingin si AGA na pakitang tao na lamang ang pamantayan ng lipunang may tungkulin sanang magmalasakit sa mga individual na bumubuo nito. Sinuri ni Coroza ang tula ni AGA, may pamagat na “Sarili”. Sa partikular na tulang ito, pinadadaloy ng personang empatiko sa kausap ang ganap na paggising upang magmatyag at kilanlin ang sariling ‘kawalmalay,’ salin ni AGA na itinumbas sa *unconscious* ni Carl Jung ayon pa kay Coroza. Sanggunian ni Coroza ang akdang *Undiscovered Self* ni Jung sa pagsuri niya sa tulang ito, “Sarili,” sapagkat binanggit mismo ni AGA ito sa ikatlong saknong saka ihinaka sa taludturan bilang ‘Bathala’. Ayon sa pagsipi ni Coroza kay AGA, makikilala lamang si Bathala ng individual kung maláy ang sarili. Isinalarawan ni Coroza ang akda ni Jung na tumatalakay sa pagkutkot ng ‘state policy’ sa kusa ng mamamayan upang pasagsagin ang modernisasyon ng lipunan. Ipinahihinuha naman ni AGA ang mahigpit na pagtanod ng sarili sa kusa upang hindi daigin ng estado sa pagtiwalag kay Bathala (294-5). Pangalawa, kahit “naglalaro ng mga salita at taludturan” si AGA, itinanghal naman ni Devilles ang *ubermensch* ni Nietzsche na nakita niyang taglay ni AGA sa paghamon, tuligsa sa mga komvensiyon at praktika ng makatang kontra-Amerikanisasyon subalit nakaugat sa romanseng tinatawag ni Almario na Balagtasismo (319-20). Gayumpaman, sina Jung at Nietzsche ay ilan lamang sa mga Kanluraning nangahoy ng karunungan sa tradisyong *Sanatana Dharma* (Eternal na Tungkulin) ng India subalit sa proseso ng kanilang praktika, may bumura sa Silanganing batis sa kanilang pagsisikhay (Rajiv Malhotra).⁵

Sa kabilang banda, mayroong mga kritikang nag-uugnay sa mga panulat nina AGA at Walt Whitman subalit mas nangibabaw ang materyalistang pagtutuos nila sa ‘modernistang’ makata (San Juan, Jr. 3; Nadera 249). Kaya marahil hindi matantanan hanggang ngayon ang status quo na pagbasa, husga ng mga kritika kay AGA at sa mga akda niya mula ika-20 dantaon. Gayon man, bagaman sinang-ayunan ng Pilipinong ‘modernistang’ makata ang pagkakapareho niya sa Amerikanong Transendentalista, igigiit naman niya ang sariling konteksto ng kanyang ‘ako’ sa ikatlong saknong ng *Tanagabadilla*:

1 2 3 4 5 6>
 Si/Whit/man/ ay /si/ya (A)
 At ako ay ako,> (B)
 Siya ay may kanyang> (A)
 Sarili ring ako.> (B)

Isa si Whitman sa mga kaanib sa grupong Transcendentalists, kilusan ng mga Amerikanong manunulat na aktibo noong kalagitnaan ng ika-19 na dantaon. Kinabibilangan din nila Ralph Waldo Emerson, kinikilalang una sa mga nagsapraktika ng Transendentalismo bago pa formal na nabuo ang kanilang grupo—Margaret Fuller, Henry David Thoreau, at iba pa. Ilan sa mga alalahanin ng individual bilang kaanib ng kilusan: pinakamalinaw ang abolisyon ng pang-aalipin, ang iba pa ay patas natrato sa mga manggagawa at kababaihan.⁶ Ngunit hindi sa materyalistang idea nakaangkla ang kanilang mga prinsipyo. Ang metodolohiya ng kanilang kaisipan ay masinsinang ipinaliwanag ni Emerson sa sanaysay niyang “The Over-Soul”:

We live in succession, in division, in parts, in particles. Meantime within man is the soul of the whole; the wise silence; the universal beauty, to which every part and particle is equally related; the eternal ONE. And this deep power in which we exist and whose beatitude is all accessible to us, is not only self-sufficing and perfect in every hour, but the act of seeing and the thing seen, the seer and the spectacle, the subject and the object, are one. We see the world piece by piece, as the sun, the moon, the animal, the tree; but the whole, of which these are the shining parts, is the soul. (362)

Mapapansin sa sipi ang sekular ngunit banal na pagdalumat ni Emerson sa ‘soul,’ pag-iral nito sa evolusyonaryong proseso, diversidad, pamumukod-tangi ng individual sa loob ng bawat tao, pagtamasa nito ng universal na biyaya, iba pang pagpapalà ngunit magkakaugnay sa eternal na ISA (akin ang diin). Gayon din sa pagkamalay, paninindigang lagos sa isip pasuot sa sagap ng mga pandama patungo sa labas, o materyal na daigdig, kalikasang kalatagan ng lipunan, at universo bilang sistemang ekolohikal. Nalantad si Emerson sa Asyanong ‘vedanta’ (Sanskrit, kadalasang isinasalin sa Ingles bilang ‘philosophy’) mula sa *Bhagavad Gita* (Shivadurga et al 377-8). Ang *Bhagavad Gita* ay isang ‘itihasa’ (Sanskrit) o pangkasaysayang pangyayari may 7,561 taon na ang nakalipas (Oak 8). Naganap sa Bharat, kilala ngayon bilang India. Tungkol ito sa filosofikong dialogo nina Arjuna, pinuno ng angkang Pandava, at Krishna, tagapayo ng angkang Pandava at kabalyero ng chariot ni Arjuna habang nasa gitna sila ng digmaan laban sa dinastiya ng angkan ng Kaurava, pinamumunuan ng tiwaling si Duryodhana.⁷ Pinanghinaan ng loob na lumaban si Arjuna sapagkat mga kamag-anak, guro, kaibigan at kababayan niya rin ang mga kadigma

(Armstrong. 27). Dito itinuro sa kanya ni Krishna ang apat na uri ng yoga: Jnana (tahak ng vedas/karunungan), Bhakti (tahak ng panata), Karma (tahak ng kilos), at Raja (tahak ng meditasyon). Sa pagsasara ng Kabanata 3, huling dalawang berso ng *Bhagavad Gita*, ipinaliwanag ni Krishna kay Arjuna ang kaugnayan ng katawan, limang pandama sa struktura ng loob ng tao, mga antas nito, at kakayahan ng kaluluwa (atma, Sanskrit).

Verse 42
The bodily senses are superior to matter; manas is superior to the bodily senses; buddhi is superior to manas; and the true self is superior to the buddhi.

Verse 43
In this way, use your atma’s discernment to strengthen your buddhi; then use your atma to steady your atma. And finally, O mighty-armed Arjuna, with that strength, destroy the insatiable kama rupa ‘the endless forms at material desire’. (82)

Bagaman sa unang tingin tila magkaiba ang katawan (matter) at limang pandama, sa isip (tumbas sa Sanskrit ng ‘manas’), budhi (tulad din ng ‘buddhi’), itinuturing sa tradisyong *Sanatana Dharma* na isang kateryorya lamang ang mga ito sapagkat nagkakaroon ng aktibidad ang isip, budhi bilang reaksiyon sa datos, imformasyong sagap at danas ng limang pandama. Bukod na kateryorya naman ang ‘true self’ bilang pagsasalarawan sa kaluluwa. Ipinahihiwatig sa sipi, ang pagpapatatag ng atma/kaluluwa ni Arjuna, mapanindigan ang pakikidigma sa tiwaling katunggali na kanya ring mga mahal sa buhay. Naipagwagi ni Arjuna ang laban sa patnubay ni Krishna. Mahihinuha sa puntong ito na ang problematisasyon ni AGA sa pag-iral at tunay na katangian ng kanyang persona sa tula ay sa pamamagitan ng pabulay na tanong, “sino ako”?

‘Ako’	
Labas	Loob
Daigdig	Tula (katuturan)
Tula (imprenta, bigkas-dinig)	Walang maliw
Damdaming malaya	Walang kamatayan
Larawang buhay	Malaya

Damdamin	Matapat sa sarili
Larawan	Buhay na walang hanggan
	Buhay
<i>Kalikasan/lipunan/katawan/materyalista</i>	<i>Kaluluwa/transendental, sanatana dharma</i>

Tabula 1: Batay sa naturang kategorisasyon, makikita sa taas ang tapatang paghahanay ng mga katangian ng “ako” ni AGA. Nakagrupa sa kategoryang Labas: tampok ang mga katangiang empirikal; Sa ikalawang kategorya: Loob, kinatatampukan naman ng mga katangiang nagaganap sa pamamagitan ng dulog lohikal.

Mahalalata ang ‘malamang’ na impluwensiya ng mga Transendentalista sa ‘ako’ ni AGA sa pamamagitan ng salitan na paglalatatag sa tula ng mga empirikal at *sanatana dharmikong* katangian ng pawangis na ipinaakò ng makata sa persona ayon sa kategorya ng ‘Labas’ at ‘Loob’. Madarama sa unang dalawang saknong ng unang bahagi ng tula ang materyal, pisikal at mental na mga katangian ng ‘Labas’ subalit sumaproseso ang pagsasanib sa lohikal, banal at mapagpasyang ‘Loob’ sa ikatlo at ikaapat na saknong. Sumisidhi ang sanibang ito sa ikalawang saknong ng ikalawang bahagi sapagkat ginigitgit ng materyal, pisikal at mental na kalidad ng ‘Labas,’ ang lohikal, banal at mapagpasyang ‘Loob’. Samantala, minimal sa ‘larawang buhay’ (katawan ng individual/personang ‘ako’) ang kalidad ng ‘Labas’ sa ikatlong bahagi. Kaya, sa ikaapat na bahagi, kahit ibinalik ng persona ang materyal, pisikal at mental na mga katangian ng ‘Labas,’ umaanas ang mapagliming himig na pag-igpaw ng ‘tula’ mula ‘imprentang binabasa,’ at ‘binibigkas’ tungo sa mas nakapangibabaw na ‘katuturan’ ng mga katangian ng inakòng anyo ng kategoryang ‘Loob’ ng ‘ako’. Sa individual na kaluluwa lumugar bilang bahagi ni Bathala tulad ng sa “The Over-Soul” ni Emerson.

Nagtutugma sa kontekstong pangkaluluwa ang individual na pinahahalagahan ni AGA at ng mga Transendentalista. Ngunit itinatangi ito ng materyalistang suri habang ikinakahong pilit na ‘tiwalag’ sa lipunan ang personang ‘ako,’ at makata mismo.⁸ Gayon man, itinuturing ni Ka Bay na simbolikong sangkap bilang metapora at alusyonaryo ang ‘ako’ ni AGA. Nagkaroon ito ng bisà na maipakita ang labas at loob ng persona ayon sa kontekto nito sa tula, at yugtong pangkasaysayan ng lipunang Pilipino (Peña 5).

Sa artikulong “Ang Bayani Bilang Sakripisyo: Pag-aanyo ng Pagkabayani sa Agos ng Kasaysayang Pilipino,” binigyang

pangkalahatang pakahulugan ni Zeus A. Salazar, historyador, ang “bayani (bagani o magani sa Mindanao) ay gawain at tungkulin/katungkulan sa lipunan para sa bayan o estadong bayan (estadong etniko) bilang sumasaklaw sa kabuuan” (171). Ngunit ipinook ni Salazar depende sa ‘pitong piryod’ o stasis sa agos ng kasaysayan ng Pilipinas ang mga partikular na konteksto at kahulugan nitong nagsisulputan kada yugto.⁹ Ang pitong piryod na ito ay ang mga sumusunod: (1) panahon ng kabuuan—prekolonyal na kaayusan at katutubong dalumat ng bayani; (2) panahon ng krisis—pagpapatupad ng reduccion, pagtatayo ng mga pueblo, pananatili ng prekolonyal na konsepto ng bayani subalit pagpasok din ng mga ladino, modelo ni Hesus, di-mawaring ala-Bernardo Carpio, paglitaw ng taong labas; (3) bagong kabuuan—pagkatatag ng kaayusang pinalaganap ng banyaga sabayan ang sulpot ng mga himagsik tulad ng pinamunuan nina Diego Silang sa Hilaga at Azimuddin sa Timog; (4) bayan at nacion—paglutang ng konseptong ‘nacion’ kasalitan na prinsipyo ng muling pagtatag ng estadong kolonyal, dito rin namuo ang idea ng juramentado/jihad, mga pag-aalsang pinamunuan ng tulad ni Hermano Pule, Gomburza; (5) pagtutuos—‘panibagong krisis’ humantong sa pakikipaglaban sa kapangyarihang kolonyal (panlabas) habang nagkakaugnay-ugnay ang mga uri ng bayani subalit sabayan ang visyon ng nacion at/o bayan, sambulat ng labanan din sa pagitan ng magkababayan/Pilipino (panloob); (6) pagsasaayos ng kabuuan—pangingibabaw ng ‘nasyon’ ayon sa parehong suporta at tugis ng imperyalismo, kanonisasyon ng elit sa konsepto ng mga uri ng bayani sa pagbuo ng nasyon sa gabay ng inangkop na ideolohiya ng liberalismo, at; (7) mga anyo ng pagkabayani—pagpapatuloy ng dalumat ng pagkabayani mula pagkabuo ng konsepto ng nasyon, mayroon itong dalawang tunguhin: personal at individual, (iba sa individual ni AGA), na kabayanihan bilang salalayan ng pakikibaka sa loob ng kilusan, pagkilos ng bayan sa mga antas sektoral, rehiyonal, pambansa tulad halimbawa ng lakas ng sambayanan sa EDSA 1.¹⁰

Mababakas ang panimulang bukal ng mga paksa ng tula sa SK mula ikalawang stasis bagaman karamihan nasa ikapito, kinapopookan din ng talambuhay ng autor, pagkahubog ng pangngalang Bayani, ‘Wisyo ng masang Pinoy,’ at personang ‘ako’ ni Ka Bay. Sa ganitong mga pakahulugan ng ‘bayani’ at ‘ako’ ni AGA pagaganahin ang paglalahad ng datos kaugnay ng tagpuang panahonan at lunan ng partikular na yugto sa bawat piling representativong tula, saka ihaharap sa pagsusuring kritikal na diskurso.

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na: Tuntonín ang mga tagpuan, pangyayaring ginalugad ni Bayani/Ka Bay, at ng ginamit niyang unang panauhan panghalip na isahang personang ‘ako’. Mga partikular naman na: (1) Kilalanin ang stasis o pook pangkasaysayang binunsuran ng ‘Wisyo ng masang Pinoy’ bilang poetika nito; (2) Maisalarawan ang dalumatan ni Bayani/Ka Bay sa pagkahubog ng personang ‘ako’; (3) Tukoyin ang mga batayang pagkakaiba at pagkakapareho ng ‘Wisyo ng masang Pinoy’ sa Marxismo. Tuon ng pag-aaral ang personang ‘ako’ ni Ka Bay bilang susing elemento sa pagsuri sa panulaan ng SK at poetika ng autor habang nakaangkla sa personang ‘ako’ ni AGA. Dedetalyehin ang mga motibasyon nito sa ginalugad na mga tagpuan, pangyayari, at hinarap na mga tauhan sa paksa.

Si Bayani, Ka Bay at Sigla-diwa ng Kamao

Sa pahina ng pag-aalay ng *Sigliwa Kamao*, mababasa ang textong inilaan ni Ka Bay sa kanyang familya. Nagsasalarawan ng mapagkumbabang katayuan sa buhay ang mga salitáng ginamit. Nakalahad dito ang ‘iskuwater,’ pamayanan ng kanilang tahanang pinagbuklod ng pag-ibig. Sa pagbanggit sa dalawang salitang pamagat ng kanyang aklat, nakauusisa ang *sigliwa*, nagmula sa dalawang salita: sigla at diwa (Barcelona, isang paanyaya, *Sigliwa* blog), katambal ng salitang nagsasalarawan ng kuyom na dulo ng pantaas na biyas, tradisyonal na pananagisag ng paninindigan kapag ipinaglalaban ang matwid, o militansiya. Namana ni Ka Bay, mula sa kanyang ama, Alejandro G. Abadilla, ang kakayahang umakda ng wika. Mabisang makaagaw-pansin ang pang-uring nilikha niya bilang pagpapahalaga sa kanyang mga mahal sa buhay: ‘kasukob-hininga.’ Limbag ang mga larawan nilang nakaayos patayong parihaba, sa ilalim ng mga ito: Patricia-Ina; Magtanggol-Panganay; Luwalhati-Pangalawa; Malaya-Pangatlo; Filipinas-Bunso. Sa mabilisang sangguni, ibinigay ng Google kung ano ang ibig sabihin ng Patricia—marangal. Bigla-bigla, may pagsubida, o pag-angat sa hindi karaniwang kahulugan ang mutawi ng mga pangalang nasagap. Si Ka Bay ay isinilang ni Cristina Singalawa noong Setyembre 17, 1940, sa Almeda, Tondo, Maynila. Sumakabilang buhay noong Mayo 14, 2008 dahil sa lymphoma.

Itinuturing na bayani si Ka Bay dahil sa kanyang pagkamanunulat, pagkaguro, paggugol ng talino at pawis sa kilusang masang umuugat sa kaisipang ipinatnubay ni Don Belong sa

pagbunsod ng unyonismo sa Pilipinas (Rio-Apigo 24; gov.ph; Maceda 21). Isinusugpong ni Rio-Apigo ang fundasyon ng pagkamanunulat ni Ka Bay kay AGA. Ayon mismo sa blurb ni Ka Bay sa laylayan ng harap na pabalat ng SK, “apelyido ko ang may kagagawan.” Itinuring ni AGA ang 1931 bilang simula ng seryosong gaod niya sa pagsusulat. Bagaman nagsimula sa Philippine Digest noong nasa U.S. siya, naging editor din ng Philippine-American Review, miyembro rin doon ng Kapisanang Balagtas (Nadera 43). Subalit sa Wikang Tagalog siya nagsulat pagbalik sa Pilipinas. Nagsimulang magpakabihasa naman sa makinilya si Ka Bay nang magkolehiyo, Batsilyer sa Segundaryong Edukasyon, mejor sa Pilipino, sa Manuel L. Quezon University kung saan naging editor siya ng seksiyon pampanitikan ng *Quezonian*, punong editor ng jornal na *Sulo ng Wika*. Kontribyutor at tagapamahalang editor din ng Bisig. Ayon pa sa kanyang blurb, “naging peryodista akong nagpalipat-lipat sa iba’t ibang dyaryo.” Kabilang sa mga ito ang *Ang Masa*, *Diario Uno*, broadsheet sa panahon ng administrasyong Estrada, patnugot sa balita hanggang naging katuwang na editor ng *Pinoy Weekly*, isang progresibong publikasyon. Sa malikhaing pagsulat, bukod sa tula, na may naipagwaging timpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino, kung matitipon lamang, sapat din upang buoin sa aklat ang mga maikling kuwento niya mula 1968 hanggang 2005; mga sanaysay sa pag-aaral saliksik mula 1988 hanggang 2006. Maiuugnay sa katuturan ng mga pangalan ng kaanak ni Ka Bay, na kanyang kaarugaan sa “barombarung ng pagdaralita” sa pamayanang “iskuwater”, sampu ng representasyon nilang “ka-layak ng lipunan” bilang sanhi ng pagmumulat at dulot pagpapakilos ang istilo ng kanyang mga akda (Rio-Apigo 25).

Pinakamalakas na mga impluwensiya sa panulat ni Ka Bay, maliban sa kanyang ama, ay mga realistang panlipunang manunulat gaya nina Amado V. Hernandez (AVH), at Salvador P. Lopez. Mas pinagtuunan niya sa pagbabasa ang mga akda ng una sapagkat sa Wikang Pilipino rin nagsusulat. Mayroon pang matalik na alaala ang kopya ng aklat-kompilasyon ng mga tula, kasama ang akda ni AVH, bigay ng gurong kaibigan ni AGA. Bagaman kilala ang huli sa paglilinaw ng mahalagang papel sa lipunan ng panitikan. Ilan sa mga akda ni AVH na kanyang nabasa ay ang mga nobelang *Mga Ibong Mandaragit* at *Luha ng Buwaya*. Gayon din ang sikát noon na tulang “Kung Tuyo na Ang Luha Mo Aking Bayan.” Isang mahalaga pang yugto sa pagkamanunulat ni Ka Bay ang pagiging bahagi niya ng pagtatag ng organisasyong Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). Subalit dahil naging ilegal ito nang ipataw ang Batas Militar

noong 1972, naging kasabayan ni Ka Bay ang mga manunulat na tulad nina Lamberto A. Antonio, Virgilio S. Almario sa ilalim ng Galian sa Arte at Tula, itinatag noong 1973, isang taon pagkapataw ng Batas Militar.

May pagkaloyalista si Ka Bay bilang guro. Nagsimulang magturo ng mga asignaturang Pilipino at pamamahayag sa Philippine College of Commerce (PCC) noong 1970. Ngunit nang mag-Batas Militar, umalis si Ka Bay, kasabay ni Dr. Nemesio Prudente, presidente ng PCC. Ayon pa kay Rio-Apigo, pansamantalang nagnegosyo ng suplay sa elektrikal motor si Ka Bay. Kagyat namang bumalik sa pagtuturo sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas kasabay ni Prudente nang mapatalsik ang diktador noong 1986. Sa pagkakataong ito, nangunang katuwang si Ka Bay sa pagtatag ng unyon ng mga guro, di-nagtuturong empleyado, at estudyante. Bunsod ng gawaing ito, iminithi niya ang epistemolohiyang Filipino, teorisyasyon ng sininsin na teknolohikal na kakayahan, talinong bayan ng mga Pilipino upang gamitin sa explorasyon ng likas at pantaong yaman ng bansa (Abadilla, binanggit sa Rio-Apigo 25).

Bago ipinataw ang Batas Militar, bukod sa PAKSA, naging miyembro si Ka Bay ng Samahan ng mga Demokratikong Kabataan (SDK). Kumilos din sa pag-oorganisa sa hanay ng Kabataang Makabayan (KM). Nang supilin ang mga patriotikong organisasyon at gawing ilegal sa ilalim ng Batas Militar noong 1972, pinili ni Kay Bay na iangat ang pakikitunggali sa diktadura sa pamamagitan ng pagiging manunulat sa underground na pahayagan, at pagsanib sa New People's Army (Vital; Bulatlat).

Ang Personang 'Ako' ni Ka Bay, Galugad 'Sa Katalagahan at Panahunan'

Makutim na kayumanggi mula ibaba, kombinasyong puti, kulay na ginamit sa gasentimetrong sukat ng font ng pangalan ng autor. Kámaóng may lagot na tanikala sa pulso pakináng na puting efek patagos sa kakutiman ng kayumanggi ang gitna. Magkapatong na salitang SIGLIWA, may puting efek sa gilid ng kayumangging mga titik, at KAMAO, solidong puti patong sa bahagyang pumusyaw na kayumanggi sa taas, ang hitsura ng harap na pabalat. Eskuwaladong solido gapulgadang kayumanggi ang gilid sa ibaba pagulugod habang mapusyaw na mapusyaw na kayumangging nalilimbagan ng blurb mula sa tatlong personahe sa panitikan ang likod na pabalat. Binubuo

ng isandaan animnapu't dalawang (162) tula ang antolohiyang hati sa dalawang seksiyon: Una, 'Pulso ng Buhay', kinapalolooban ng tatlumpu't dalawang (32) piyesa. Pagsamsam sa mga pahina, pansin agad ng mata na nasa malayang taludturan lahat ng akda sa seksiyon na ito. Ikalawa, 'Wisyo Proletaryo,' may isandaan at tatlumpung (130) piyesa. Sino mang familiar sa tanaga, katutubong anyo ng pagtula, sa unang tingin, aakalaing tradisyonal ang saknongan dito. Kinakailangang tuonan saglit saka lamang mapipiho ang experimental na dulog sa taludturan.

Nitong katatapos na Eleksiyon 2022, idinaing ng publiko, maging ng mga profesyonal sa hanay ng lokal na pamamahayag, ang pagmamalabis sa paggamit ng salita, ng partikular na kampo ng mga kandidato, bilang estratehiya at taktika sa kampanya. Nakaabot ito sa pansin ng The New York Times, ibinalita sa ilalim ng pamagat na: "In the Philippines, a Flourishing Ecosystem for Political Lies" (Camille Elemia). Ayon sa bahagi ng balita,

Much of the disinformation is being peddled on Facebook, TikTok and YouTube. The violent Marcos era is being recast as a period of strong economic growth and infrastructure projects. Leni Robredo, the country's vice president and Mr. Marcos's chief rival, is being painted as a communist who has accomplished nothing in office. (Elemia)

Hudyat ng malaganap na sapaw sa katotohanan ng kalakaran at kaayusan ng lipunang Pilipino ang mga plataformang social media. Dinaluyan ng sari-saring anyong sining, kabilang ang 'spoken poetry.' Ginamit sa kontrobersiyang humantong sa resulta ng eleksiyon. Nangangamba ang karamihan sa pagsahol ng disinformasyon kasama na ang pagtatwa sa katotohanang nakatala sa antolohiyang ito ni Bayani. Gayon man, mas maaga ng labing-anim na taon sa pagkapanalo ni G. Marcos, Jr., naipahayag ni Alice Guillermo, kilalang kritiko sa sining, ang tungkol sa potensiyal ng poesiya at poetika ni Ka Bay, "Mapanupil ang retorika ng kaaway, tanging ang retorika ng pagpapalaya ang may bisang maglingkod sa anakpawis sapagkat isinusulong nito ang kanilang matwid." Blurb ni A. Guillermo, nasa laylayan paloob sa likod na pabalat ng SK. Ang huling sampung tanaga sa seksiyon ng 'Wisyo Proletaryo,' iginugol ni Ka Bay sa paksaing eleksiyon. Isa sa mga ito may pamagat na, "Aral ng Eleksiyon":

¹ ² ³ ⁴ ^{5*}
 Bi/gong/ i/nu/po (A)
¹ ² ³ ⁴ ⁵ ⁶ ⁷⁺
 Pa/nga/ko /ng/ pag/-a/sa (B)
 Dapat patayo* (A)
 Laban ng umaasa.+ (B)

Kung gumamit ng animan: 6-6-6-6; sa isahang pantigan ang taludturan at kombinasyon ng isahan: A-A-A-A; at, dalawahang salitan: A-B-A-B; ang *kailanan* ng tugmaang inovasyon sa mga estropa ng *Tanagabadilla*, 5-7-5-7 o kaya 7-5-7-5 naman ang experimentasyon ng pantigan ni Ka Bay, parehong isahan at dalawahang salitan na tugmaan din ang ginamit kaysa orihinal na katutubong 7-7-7-7, isahang pantigan at isahang tugma rin: A-A-A-A. Kombinasyon ng tanaga at Hapones na haiku ang imbento ni Ka Bay. Habang binubuklat, mula 'Paunawa' pa lamang, nagsisilbing 'abstrak' kumbaga sa isang akademikong sulatin, papakli sa kalagitnaan hanggang makaabot sa dulong mga pahina, may isinusulak na pakiramdam itong SK: tila isang nanganganay na ina ang aklat, amang nakadaiti naman ang tainga sa puso ng ina ang mambabasa. Ayon nga sa endorso at paanyaya ni Ordoñez sa publiko, na pagsaluhan ang 'hilab ng poesiya' nitong obra ni Ka Bay (viii).

Upang maipakita ang mga 'katalagahan at panahunang' ginalugad ng autor, at ng ginamit niyang persona, unang panauhing panghalip na 'ako,' magbabanggit sa bahaging ito ng ilang piling individual na tula lamang.

Sa pangkalahatan, walang bago sa mga paksa ng SK: tipanan o kumitment ng manunulat sa tinutunton na katotohanan, soberanya: dinamismo ng likás at pantaong mga rekurs; tunggalian ng mga uring panlipunang nakikinabang sa naghaharing sistema at isinasalaylayang sinusupil ng nakikinabang gamit ang aparatung ideolohikal at pansil ng estado, gayon din ang kultura ng elit, profesyonal at masa; pagsasakasaysayan ng mga pangyayaring ito, konsumerismo, pagkatiwalag o alyenasyon, paglahok sa pakikibaka para sa pagbabagong panlipunan, pagtatag ng estadong ('bandila ng bayan') may kakayahang tumugon sa katarungang panlipunan, pagiging imformado-arál hidwa nito sa kamangmangan, kabayanihan, transendentalismo o pag-igpaw, at iba pa.

Nagpapalit-palit ng *kailanan* ang persona na unang panauhing panghalip na nagpapadaloy sa naratibo ng antolohiyang

ito. Bilang *isahan* na “ko (Ka Bay)” sa Paunawa, naihulma kaagad dito ang ‘katalagahan’ ng talentong pagkamakata-manunulat ng personang umakò ng responsabilidad bilang ‘tagasinop’ ng mga pangyayari sa ‘pingkian ng dilim at liwanag,’ ang mahirayang alusyon ng hidwaan ng kolonyal-malakolonyal-neoliberal na katayuan ng lipunang Pilipino tungo sa katayuang nakapagsasarili. Informal sector na ang ginagamit kapalit ng salitang ‘iskuwater’ sa mga pag-aaral pananaliksik at pangmadlang komunikasyon Dekada ‘90 pa lamang. Ngunit pinili ng autor na panatilihin itong kalakip ng pangangalang Bayani sa limbag nitong SK. Nagmumungkahi ng sensibilidad na pirmis sa ‘Wisyo ng masang Pinoy’ bilang ginaganap na kolektibong kamalayan. ‘Iskuwater’ na proletaryado, hindi ‘iskuwater’ na hinubog ng salamuha sa pagkaburgis.

Lilinaw ang transformasyon ng personang ‘ko,’ mula Paunawa, tungo sa hugutan, o orihen nito, bilang ‘iskuwater’ na bahagi ng *proletaryadong kolektibong kamalayan* sa “Hahanapin Ko ang Aking Anino”. Mahahalata ang individualidad ng naghahanap bilang ‘isahang’ persona na unang panauhang ‘ako’ sa pamamagitan ng apostrophe, o pakikipag-usap nito sa ‘hangin’. Naipahayag ang talisik ng katawang inabot ng katandaan sa katotohanan ng pag-iral sa kalikasan at lipunan. Humihingalay sa tonong tudyo sa sarili:

Isang ungas lang ako
sa siklo ng kapalaran
walang lasa ang aking salita
ang lagda ko walang bisa.

Sa usad ng naratibo ng partikular na tula lamang na ito, inihalimbawa ni Bayani na hindi hadlang ang naisalaylayang katayuan sa lipunan upang magtamasa ng epistemilohiyang angkop sa kontemporaryong panahon. Humanap ng pagkakataong saliksikin ang kabayanihan ng mga tulad ni Lapulapu, kontekstong pangkabuhayan ng kanyang ‘panahunan.’ Gayon din ang kabayanihan ni Bonifacio at pagbunsod ng uring panlipunang sanhi ng mga aklat na iniuwi ni Don Belong. Ito ang pamayanan ng itinuturing niyang ‘anino’ na ibig makausap at magdiwang sa visyon ng “Pugadlawin”.

Ito rin ang kolektibong kamalayan na representasyon ng isa pang isahan na *persona* unang panauhan, paarang panghalip na ‘akin’ sa iba pang tula. Gaya nitong “Ang Sulo sa Aking Bungo” (akin ang diin). Umuugat sa buhay ‘iskuwater,’ nagpapahayag ng mga kalidad

na sinalalayan upang igpawan ang pagkalugmok sa kahirapan. Nagpapahalaga sa sakrifisyo ng mga kauri, kasamang nabuwal sa 'pingkian.' Kaya, lumahok sa ritwal ng pagbabago, pagmamatyag para sa katatagan ng ambag ni AGA, halimbawa ang *Parnasong Tagalog*, sa panitikan ng Pilipinas na inaalusyon sa:

balintataw ng mga kontradiksiyon
sa hubad na katotohanan
ang awit ng kamanyang
sa *Parnaso ng Bayan* (akin ang diin)

Isahan din ang persona na unang panauhang panghalip na 'kita' sa "Oda sa Anino". Matalik ang pinagsamahan ng persona at 'anino' sa puntong nagtitila personal. Sa mga pagkakataong umiinda ng 'mga sugat sa dibdib,' 'siphayo,' ginamit ni Bayani ang tayutay na halisakop o synecdoche upang patungkulan ang 'anino' sa "Hahanapin Ko ang Aking Anino," ang lubos na pinahahalagahan niyang tagapayo:

mahal kong anino
ikaw lang ang ginto sa buhay ko

Sa "Dugo sa Asukal (Nobyembre 16 sa Kalendaryo ng Salapi)", ang mga *isahan* na persona, unang panauhang panghalip na 'ko,' 'ako,' 'akin,' at 'kita,' sumanib sa *pangmaramihang kailanan* ng panghalip ngunit nananatiling unang panauhang 'kami.' Ipinahihiwatig ng personang 'kami' ang paglapad ng *proletaryadong kolektibong kamalayan*. Umaamin ang kamalayang ito, sa ikalimang saknong, nasa laylayan sila ng kapangyarihan pang-ekonomya sa pamamagitan ng pagdidiin na hindi sila kaapelyido ng may-ari ng "Asyenda Luisita". Kaya ang disposisyon ng kadiologo, ng persona ('kami'), na nagpamasaker sa mga sakada at iba pang nakiisang sektor na nagprotesta, isinalarawang katangian ng (mala-)"diyos" na layon ng tudyo. Sadyang hindi ginamit ang pambilang na taon sa subpamagat para sa dagdag ibig sabihin ng pasalitang pampanahong iminarka sa historikal na pangyayari. Mababakas sa kabuuan ng dalawang seksiyon ng aklat, ang himig palatudyong na ito. Isang katangiang nagbubuklod kay Bayani, pangngalan pantangi, at kay Ka Bay, palayaw na napalapit sa mga kaikuwater, kasamahan, kaibigan, kaguro sa panahunan ng pagkakasulat ng tula. Bilang tagapagsalita ng *proletaryadong kolektibong kamalayan*, iniulat ang kanilang panalangin:

Taimtim.

sabay-sabay *kaming* lumuhod sa tubuhan. (akin ang diin)

Nagdasal:

diyos naming makapal

manhid man ang damdamin

sa salaping kamal-kamal

dagdag sahod naman d'yan

panawid-gutom lang

susuklian namin ng sipag

ang yaman n'yong natalbusan

Mayroon ding pagkakataon na ang personang unang panauhing pangmaramihang panghalip na 'kami,' sabayan ng *maramihan* din ngunit *paaring* 'amin' na lumilitaw sa isang akda kapag tinataya ang perspektiba at tindig. Tulad ng sa "Hagkis ni Crisanto Obrero":

Aming mga nalilikha,

Kami ang kinakawawa. (akin ang mga diin)

Sa dami ng nagawa,

Hinagpis ang biyaya.

Naniniwala si Ka Bay, sa kabila ng nangingibabaw na kaayusang panlipunang naging sanhi ng 'hinagpis' ng representasyon ng personang 'kami' sa "Hagkis...", mapauunlad pa ang paghalaw ng *karunungan Pilipino*, o "Wisyong Pinoy" (Rio-Apigo 31). Lalo't kalahok mismo ang mga isinalaylayan sa pagsapul sa aral ng kasaysayan upang makabuo ng mga kaisipang maaaring ipatnubay sa pagbabago at kaunlarang panlipunan tulad ng sinasabi ng persona sa pangalawa sa huling saknong:

Subalit *kaming* anakpawis (akin ang diin)

Na hininga ng lupa, nagmoog

Na dibdib sa gutom at pakikibaka

brasong aseradong taliba

humahalimuyak na bulaklak ng Mayo

ang hagkis ng kamao.

Gayon man, gaya ng napatunayan na sa naidaos na Eleksiyon 2022 na nagresulta sa sumailalim sa protestang panalo ni G. Marcos, Jr. at panunumbalik ng kanilang angkan sa pambansang politika, ang tiwala sa sariling katatagan ng nagkakaisang hanay, lalo at isinalaylayan, hindi basta sumasapat sa isang yugto ng pagsulong.

Sa kaigtingan ng “pingkian ng dilim at liwanag” higit na kinakailangan ang konsiderasyon sa matimbang na pagkilala sa tunay na kalikasan ng tao at pag-iral. Ito ang pinagdaanan ng personang unang panauhan pangmaramihan na ‘atin’ sa “Tinig sa Rehas na Bakal.” Sa gitna ng didaktikong pagsusumamo sa mga ‘kapatid’ at ‘bayan,’ na lubayan muna ang gumon sa materyal na bagay sa gitna ng sitwasyong dangal na ang nakataya, naibulalas ng persona ang pagmumuni:

kumakain ang tao para mabuhay:
di sa pagkain nabubuhay lamang ang mga nilalang.

Naihapag ni Ka Bay sa publikong mambabasa at kinauukulan, sa pamamagitan nitong *Sigliwa Kamao*, ang kanyang mga alalahanin bilang malikhain. Ayon sa blurb ni Gelacio Guillermo para sa aklat na ito:

Masidhing dumaramdam, tumutuligsa, nanunudyo, at nagtuturo ng katotohanan mula sa paninindigan ng masang anakpawis. Istilo lang ang pinagkakaabalahan ng mga makatang makasarili na wala nang odyens, samantalang patuloy na pinagtitibay ng panulaang retorikal ang ugnayan ng makabayang makata at ng kanyang publiko sa hanay ng mga manggagawa’t magbubukid na tulad niya’y nag-aalsa para sa panlipunang pagbabago.

Higit na mababasa ang pagkabihasa ng panulaan ni Ka Bay sa seksiyon ng “Wisyo Proletaryo.” Sari-saring konsepto ang masisteng pinaksa niya rito. Asinta niya sa kapalitan ng retorika sa tanagang may pamagat na “Dogmatiko”:

1 2 3 4 5 6 7+
Ma/lik/si /ang /ta/li/no (A)
1 2 3 4 5*
I/sip-/sa/ra/do (A)
Ang gilás sa diskurso+ (A)
Wala sa tyempo* (A)

Sa pagtaya pa ni A. Guillermo, “ngunit umaabot sa sukdulan ang tunggaliang retorikal para iluwal ang di retorikal na pagtutuos.”

KONKLUSYON

Pangmaramihan at *isahang panghalip* na mga persona ipinanggalugad ni Ka Bay sa historikong kontekto ng hidwa sa pagitan ng sentro ng kapangyarihan at sambayanang isinalaylayang paksa ng *Sigliwa Kamao*. Nagpapalit-palit ng *kailanan* ang mga ito sa akda subalit tampok ang ‘ako’ na kagyat deklarado ang oryentasyong ‘Wisyo ng masang Pinoy’ bungad pa lamang ng aklat. Matutukoy sa talambuhay ng autor ang pagkahubog ng kanyang pananaw batay na rin sa ikapitong stasis—mga anyo ng pagkabayani—ng pook pangkasaysayang inihanay ni Salazar. Subalit kalahating dantaon nang lumaganap noon ang Marxismo, Sosyalismo, Anarkismo mula sa mga aklat na impake ni Don Isabelo de los Reyes galing Spain, ang lenteng isinukat ni Ka Bay sa personang ‘ako’ at ipinansipat ng sarili sa kolehiyong bunsuran ng paglalakbay at danas sa pagsusulat. Matatagpuan naman ito sa ikaanim na stasis. Nakapagitan mula dito, hanggang masagap ni Ka Bay, ang unyonismo, pagbunsod ng mga sosyalista at nasyonalistiko demokrasyang panitikan, pag-upo ni Don Belong sa senado sa ilalim ng kolonyal na gobyernong ng U.S. sa Pilipinas. Tampok ang pagsikat ni AGA bilang ‘modernistang’ manunulat sa unang hati ng ika-20 dantaon. Dito sumulpot ang kontrobersiyal na personang *ako* sa kanyang “Ako ang Daigdig.” Kinilala ni Ka Bay ang *ako* ni AGA na may bahagyang kaibahan sa nakagawiang pagbasa ng mga kritiko mula ika-20 dantaon hanggang unang dekada nitong milenyum. Ngunit nagkakahawig ang kategoryang ‘Loob’ nito sa pagmumuning naibulalas ng *pangmaramihang* persona unang panauhing ‘atin’ sa “Tinig sa Rehas na Bakal.” Gayumpaman, umuugat sa kategoryang ‘Loob’ ang *ako* ni AGA sa Transendentalismo habang ang mga Transendentalista umuugat sa tradisyong Sanatana Dharma.¹³ Samantala, ang munimuning naibulalas ng personang ‘atin’ ni Ka Bay malapit sa ‘pulang pasyon’ ng mga sosyalista, penomenong liberation theology noong Dekada ‘70-‘80 ng ika-20 dantaon.¹⁴ Sa huli, nais pag-ingatan ng mananaliksik na pahapyaw lamang ang napalitaw na sipat sa pagbasa muli sa *ako* ni AGA, at para lamang sa pakay ng pag-aaral sa ‘ako’ ni Ka Bay. Isinasagawa sa kasalukuyan ang hiwalay na saliksik tungkol dito.

Apendise

Ako ang Daigdig *ni Alejandro G. Abadilla*

I

ako
ang daigdig

ako
ang tula

ako
ang daigdig
ng tula

ang tula
ng daigdig

ako
ang walang maliw na ako
ang walang kamatayang ako
ang tula ng daigdig

II

ako
ang daigdig ng tula
ako
ang tula ng daigdig

ako ang malayang ako
matapat sa sarili
sa aking daigdig
ng tula

ako
ang tula
sa daigdig

ako
ang daigdig
ng tula
ako

III

ako
ang damdaming
malaya

ako
ang larawang
buhay

ako
ang buhay
na walang hanggan

ako
ang damdamin
ang larawan
ang buhay

damdamin
larawan
buhay
tula
ako

IV

ako
ang daigdig
sa tula

ako
ang tula
sa daigdig

ako
ang daigdig

ako
ang tula

daigdig
tula
ako

MGA TALAHULI

1. Pinatalsik noong 1986, sa pamamagitan ng pirmadong resolusyon ng lupon ng mga direktor, si Rio Alma bilang tagapayo ng GAT dahil nakisabwat siya sa diktador noong Snap Election 1985. Muling itinatag, 1989, pinamunuan ni Aguila, dito naging miyembro ang mananaliksik ng papel na ito. Ngunit nabuwag muli ang noong 1993. Madalas sa mga formal at informal talakayan, sa anyo ng HASAAN 1990, ginanap sa Makiling Arts Center, Los Baños, pambansang palihang nilahokan ng mga manunulat mula Davao at Cebu, at kada Sabado pagkikita ng mga miyembro ng reorganisadong GAT (1989 post Almario), diniinan na hindi pirmis sa pagsusulat, pagmamakata para sa mga marhinalisado ang pagsabwat ni Almario kay Marcos noong 1985 Snap Election. Tingnan sa: Aguila, Reuel Molina. "Ang konteksto sa Teksto ng mga Tula ng GAT." PP 310P, Unang semester, 2007-08, Unibersidad ng Pilipinas Diliman; Umil, Abet. Alimpuyó. Ipuipo sa Piging. Fermin Salvador, publiser. 2010.
2. Minithi ni Ka Bay na masinsin ang talinong Filipino at maging bahagi ito ng pedagogiya. Isa siya sa mga advokeyt ng pagkatatag ng Kagawaran ng Filipinolohiya, PUP Sta. Mesa. Tingnan sa: Rio-Apigo, Maria Victoria. "Si Bayani S. Abadilla at ang pagkatatag ng Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas." MALAY, tomo 33, blg. 1, 2020, p. 22-36.
3. Iniangumento ni Martin na, "...Ferdinand Marcos's martial law regime can be labelled as traumatic based on studies that link the regime's practices with victims manifesting signs of posttraumatic stress disorder (PTSD). Tingnan sa: Martin, Jocelyn. "Martial Law as Philippine Trauma: Group Culture, the Sacred, and Impunity in Three Memoirs." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, tomo 66, blg. 4, 2018, p. 453-480. Project MUSE, doi:10.1353/phs.2018.0034. Unang naobserbahan na, sa kalatagan ng pakahulugan ng karaniwang tao, "Cultural trauma occurs when members of a collectivity feel they have been subjected to a horrendous event that leaves indelible marks upon their group consciousness, marking their memories forever and changing their future identity in fundamental and irrevocable ways. ... traumatizing event interacts with human nature. Human beings need security, order, love, and connection. If something happens that sharply undermines these needs, it hardly seems surprising, ...that people will be traumatized as a result." Tingnan sa Alexander, Jeffrey C. *Cultural Trauma and Collective Identity*. University of California Press. 2004.
4. Sinasabing may apat na lipon ang tumao sa arkipelago, mula Timog

Asya, sa loob ng nakalipas 50,000 taon ayon sa teorya migrasyon. Bagaman mayroong gumawi sa Timog China, una ang mga Negrito, bumaba sa Myanmar kalupaan patungo sa Borneo saka tumawid papasok sa Palawan, Mindoro, Luzon; at Sulu paakyat sa Zamboanga, buong Mindanao; Pangalawa ang mga Manobo, iba pang katulad na pangkat, bandang 12,000 taon ang nakalipas. Katulad ng ruta ng mga Negrito subalit sa Zamboanga lamang pumasok. Pangatlo, mga Sama, kilala rin sa tawag na Badjao, 12,000-8,000 taon ang nakalipas, katulad sa ruta ng mga Negrito subalit ang tumawid sa Palawan hanggang Mindoro lamang. Panghuli, ang pang-apat na grupo ng gumawi sa Timog China, umabot sa Taiwan saka bumaba sa Luzon may 7,000 taon ang nakalipas, na siyang mga naging Igorot iba pang taga-Cordillera. Tingnan sa Larena: Maximillian, et al. "Multiple migrations to the Philippines during the last 50,000 years." PNAS. 22 Marso 2021, doi.org/10.1073/pnas.2026132118.

5. May limang yugto ang pangangahoy ng Kanluran sa karunungan mula tradisyong Sanatana Dharma. Dalawa lamang sa mga ito ang kaso nina Jung at Nietzsche. Sinasabing isinauniversal sa pamamagitan ng pagsakontexto muli ng natutuhan ni Jung pagkatapos tagpasin ng mga istudyante niya, nang pumanaw si Jung, ang kontekstong Indian, tulad ng tantra, shakti, kundalini. Sa kaso naman ni Nietzsche isinauniversal na Europeo ang kinahoy niyang dunong ng mga yogi dahil sa suya at galit sa batis na Indian. Tingnan sa: Infinity Foundation. "The U-turn Theory: How Indian Ideas are Stolen by the West and Covered up 1 Rajiv Malhotra". YouTube, N. D. www.youtube.com/watch?v=tR6QGe-a8gM. 21 Mayo 22.
6. Tingnan sa: Atkinson, Brooks. "Introduction". *The Complete Essays and Other Writings of Ralph Waldo Emerson*. Random House. 1940, 1950. p. xi-xxv.
7. Sa pamamagitan ng multidisiplinary na metodolohiya, pangunahin ang astronomiya, natukoy kung kailan naganap ang Digmaang Mahabharata. Bahagi ng Digmaang Mahabharata ang Bhagavad Gita. Tingnan sa: Oak, Nilesh Nilkanth. *When Did The Mahabharata War Happen? The Mystery of Arundhati*. Danphe, USA. 2011.
8. Bagaman kadalasang bukambibig ng karaniwang Pilipino ang "kaluluwa", nasa konteksto ito ng Kristiyanong paniniwala. Sa kabilang banda, ganitong pagtingin ang binakbak ng Young Hegelians, sa Germany sa argumento nila laban sa tindig ng "Right" Hegelians ng Protestant Theology kaugnay ng penomenolohiya ng "spirit" ni Hegel.

Hawig sa posisyon ng Young Hegelians ang argumento ni San Juan, Jr. sa kritika niya sa kaluluwa sa Ako ang Daigdig ni AGA. Tingnan sa: Levine, Andrew. "Atheism: Young Hegelian Style," *Philosophic Exchange*, tomo 39, blg. 1, 2009. Article 2. digitalcommons.brockport.edu/phil_ex/vol39/iss1/2.

9. Alin mang stasis sa daloy ng kasaysayan sumulpot ang bagong konsepto ng kabayanihan, nanatili ang katutubong bayani. Naharap ito sa pag-igting ng kaayusang bayan, luwal ng mga bagong uring panlipunan sa kontekto ng pueblo, konseptuwalisasyon ng "nacion", kasabay ang prosesong pagkahati ng organisasyong politikal at panig ng kapwa bayani. Pagtatanghal ng pakikidigma at sakrifisyo sa sariling bayan o banwa, sultanato. Pagpasok ng konsepto ng estadong nasyonal ng Kastila at U. S. Amerikano bilang modelo ng pagkabayani. Tingnan sa: Salazar, Zeus A. "Ang Bayani Bilang Sakripisyo: Pag-aanyo ng Pagkabayani sa Agos ng Kasaysayang Pilipino." *Kalamidad Rebolusyon Kabayanihan: Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon. Mga patnugot Corpuz, Brigido at Edgar V. Rosero. ADHIKA ng Pilipinas. 1996. p. 171-178.*
10. Maihahanay ang materyalidad ng pananaw, kabayanihan at bayani base sa katutubo, kolonyal, Kristiyanisadong individualidad, at/o kaya sa posisyon ng Young Hegelians.
11. Ipinanganak si Bayani sa taon kasisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Anim na taon gulang nang maitatag ang republikanong estado ng Pilipinas. Nagbinata sa kasagsagan ng panawagang reforma sa lupa, bugso ng nasyonalismo, pagtatagpo ng marxismong isinapraktika ni Don Belong, mga patriotiko ng ikalawang hati ng ika-20 dantaon, at maoismo. Sa yugtong ito naging guro si Ka Bay.
12. Tingnan sa Salazar.
13. Sinasabing imfluwensiya ang Bhagavad Gita sa Transendentalismo nina Emerson, at litaw kay AGA ang imfluwensiya ng mga Transendentalista. Gayon man, ang Bhagavad Gita ay bahagi ng Digmaang Mahabharata, at ang Digmaang Mahabharata ay sinasabi na pinanggalingan ng hawig na banghay ng epikong Maharadia Lanawa ng Maranaw, na posibleng nagmula sa lipi ng Manobo. Tingnan sa: Francisco, Juan R. *Indian Influences in the Philippines (with Special Reference to Language and Literature)*. 1963. University of Madras, PhD dissertation.
14. Tingnan sa Maceda.

MGA SANGGUNIAN

Abadilla, Alejandro G. Pinagpugayan sa kanyang ika-100 taon sa buong isyu ng Unitas, editor, Joyce T. Arriola, tomo 8o, bilang 3, UST Publishing House. Setyembre 2007. ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/custom/BookReader?manifest=https://ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/iiif-info/unitas/46707/manifest.json.

Abadilla, Bayani S. Sigliwa Kamao. Prometheus Publishing Corporation. 2006.

Armstrong, Jeffrey I Kavindra Rishi. The Bhagavad Gita Comes Alive A Radical Translation, VASA Publishing. Oktubre 16, 2020. p. 27, 82. info@GitaComesAlive.com.

Atkinson, Brooks, Editor. "Introduction". The Complete Essays and Other Writings of Ralph Waldo Emerson. p. xi-xxv. somalaces.files.wordpress.com/2018/07/ralph-waldo-emerson-the-complete-essays-and-other-writings-of-ralph-waldo-emerson-the-modern-library-1950.pdf.

Coroza, Michael M. "Ang Talinghaga ng Pagbabalik sa sariling Dilim: Isang Muling Pagsulyap sa Poetika ni Alejandro G. Abadilla". Unitas, tomo 8o, bilang 3, UST Publishing House, Setyembre 2007. p. 285- ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/custom/BookReader?manifest=https://ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/iiif-info/unitas/46707/manifest.json.

Deville, Gary C. 'Si Superman at si AGA: Pagdalumat sa Konsepto ng Ubermench (sic) ni Nietzsche sa Tulang "Ako ang Daigdig" at iba pang Modernong Tula.' Unitas, tomo 8o, bilang 3, UST Publishing House, Setyembre 2007. p. 315- ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/custom/BookReader?manifest=https://ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/iiif-info/unitas/46707/manifest.json.

Elemia, Camille. "In the Philippines, a Flourishing Ecosystem for Political Lies." The New York Times, May 6, 2022. <https://www.nytimes.com/2022/05/06/business/philippines-election-disinformation.html>. 22 Mayo 2011.

Emerson, Ralph Waldo. The Complete Essays and Other Writings of Ralph Waldo Emerson. Editor, Brooks Atkinson, 1940, 1950. p. 362. somalaces.files.wordpress.com/2018/07/ralph-waldo-emerson-the-complete-essays-and-other-writings-of-ralph-waldo-emerson-the-modern-library-1950.pdf.

essays-and-other-writings-of-ralph-waldo-emerson-the-modern-library-1950.pdf.

Gov.ph. "Isabelo delos Reyes". legacy.senate.gov.ph/senators/former_senators/isabelo.delos_reyes.htm.

Maceda, Teresita G. MgaTinig Mula sa Ibaba: kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955. University of the Philippine Press at UP Center for Integrative and Development Studies Peace, Conflict Resolution and Human Rights Program, 1996. p. 21, 24, 423-530.

Infinity Foundation. "The U-turn Theory: How Indian Ideas are Stolen by the West and Covered up | Rajiv Malhotra". YouTube. Walang petsa. <https://www.youtube.com/watch?v=tR6QGe-a8gM&t=439s>. 22 Mayo 2022.

Nadera, Victor Emmanuel Carmelo. "Abadillismo: Ang Filipinisasyon ng Malayang Taludturan Bilang Rebelyon Noong Panahon ng Amerikano". Unitas, tomo 80, bilang 3, UST Publishing House, Setyembre 2007. 237-

Ordoñez, Rogelio L. "Paunang Salita". Sigliwa Kamao. Prometheus Publishing Corporation. 2006. p. vii-viii.

Oak, Nilesh Nilkanth. When Did The Mahabharata War Happen? The Mystery of Arundhati. Danphe, USA. 2011. p. 8.

Peña, Romeo P. Paglapit ng Anak sa Daigdig ng Kaakuhan: Si Alejandro G. Abadilla at Dakilang Pagwawasak. Hard copy, Word format. p. 5.

Rio-Apigo, Maria Victoria. "Si Bayani S. Abadilla at ang pagkatatag ng Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas." MALAY, tomo 33, blg. 1, 2020, p. 22-36.

San Juan, Jr., Epifanio. Memorabilia & Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla Malilikhang Mapanghimagsik. Hard copy, Word format. p. 2-3.

----- Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon De Jesus. Hard copy, Word format. p. 11.

Shivadurga et al. "The Impact of the Bhagavad Gita on R.W. Emerson's philosophical and foundational Essay "The Over Soul". American

International Journal of Research in Humanities, Arts and Social Science,
Vol. 9, No. 4, December 2014-February 2015. p. 377-388.

The Editor. Unitas, tomo 80, bilang 3, Setyembre 2007.

Vital, Emily. "Bayani Abadilla: Hero of the Filipino People". Bulatlat, Vol. VIII,
No. 16, 25-31 Mayo 2008.

Salazar, Zeus A. "Ang Bayani Bilang Sakripisyo: Pag-aanyo ng Pagkabayani
sa Agos ng Kasaysayang Pilipino." Kalamidad Rebolusyon Kabayanihan
Mga Kahulugan Nito sa Kasalukuyang Panahon, mga patnugot Brigido
Corpuz at Edgar V. Rosero. ADHIKA ng Pilipinas. 1996. p. 171-178.